**LINGGO NG PENTEKOSTES – A – 24.05.2026**

Gawa 2:1-22; 1 Cor 12:3-7, 12-13; Jn 20:19-23

## PANIMULA

Isang gabi ng taglamig, napansin ng isang pamilya na halos namamatay na ang apoy sa kanilang pugon. Ilang pulang baga na lamang ang kumikislap sa ilalim ng abo. Lumalamig ang kuwarto. Dahan-dahang hinalo ng ama ang mga baga at marahang hinipan niya ang mga ito. Sa una, tila walang nangyayari. Pagkatapos nito, isang munting apoy ang kumislap. Nagdagdag siya ng maliit na piraso ng kahoy at muli niyang hinipan ito. Makalipas ang ilang sandali, muling nagningas at lumiyab nang maliwanag ang apoy at pinainit nito ang buong silid.

Hindi pala tuluyang namatay ang apoy. Kailangan lamang itong hipan.

Sa ilang kaganapan, ganito rin ang maaari nating maramdaman sa ating pananampalataya. Kung minsan, lumalamig ang ating buhay. Napapagod ang ating mga puso, o kaya'y natatakot tayo. Nawawala ang ating pag-asa sa buhay. Maaari pa nga tayong magtago sa likod ng "mga nakasarang pinto" ng ating mga nakagawian, takot, o pag-aalala, nagiisip tayo na wala nang magbabago sa ating buhay.

Ang mga alagad ni Hesus noong unang gabi ng Pasko ng Pagkabuhay ay katulad ng apoy na iyon. Sila ay takot na takot, nalilito, at nagtatago sa likod ng mga nakasarang pinto. Tila nawala ang kanilang dating tapang at kagalakan. Pagkatapos ay dumating si Hesus. Tumayo Siya sa gitna nila at nagsabing, "Sumainyo ang kapayapaan," at hiningahan Niya sila: "Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo." Lubos silang binago ng hiningang iyon. Ang takot ay naging katapangan, ang pag-aalinlangan ay naging kagalakan, at ang katahimikan ay naging matapang na pagpapatotoo. Ang mga baga ng kanilang pananampalataya ay naging naglalagablab na apoy.

Ngayon, ipinagdiriwang natin ang parehong kaloob na iyon. Ipinagdiriwang natin ngayong araw ang Pentekostes: ang hininga at apoy ng Espiritu Santo, na patuloy pa ring kumikilos sa ating buhay.

Natitipon tayo ngayon sa Kanyang pangalan. Siya ay nasa ating kalagitnaan. Handa Siyang huminga ng buhay sa ating mga puso, muling pagningasin ang ating tapang, at isugo tayo bilang mga saksi ng pag-ibig, awa, at pag-asa. Buksan natin ang ating mga puso at hilingin natin ang Kanyang Espiritu Santo.

## HOMILIYA

Isang gabi ng taglamig, nakaupo ang isang pamilya sa paligid ng pugon na halos namamatay na ang apoy. Ilang pulang baga na lamang ang kumikislap sa ilalim ng abo. Lumalamig na ang silid. Kinuha ng ama ang panghalukay, dahan-dahang hinalo ang mga

baga, at marahang hinipan niya ang mga ito. Sa unang mga sandali, wala muna'ng nangyari. Pagkatapos ay lumitaw ang isang maliit na apoy. Nagdagdag siya ng kaunting kahoy at muli niyang hinipan ito. Sa loob ng ilang minuto, muling nagningas nang maliwanag ang apoy at pinainit nito ang buong silid.

“Tingnan ninyo,” sabi niya sa kanyang mga anak, “naroon pala ang apoy sa buong panahon. Kailangan lamang nito ng hininga.”

Iyan ang Pentekostes.

Bago ang Pentekostes, ang mga alagad ay tulad ng mga nanghihinang baga. Namatay si Hesus. Gumuho ang kanilang pag-asa. Kahit narinig na nilang Siya ay muling nabuhay, nagtago pa rin sila sa likod ng mga nakasarang pinto. Tinakpan ng takot ang kanilang pananampalataya na parang abo sa ibabaw ng apoy. Nananampalataya pa rin sila—ngunit hindi pa sila matapang. Mga alagad pa rin sila—ngunit hindi pa mga misyonero. At pagkatapos ay dumating ang hininga.

Sa Ebanghelyo ni Juan, tumayo ang muling nabuhay na si Hesus sa kanilang gitna at sinabi, “Sumainyo ang kapayapaan.” Hindi Niya sila pinagalitan dahil sa kanilang pagtakas. Ipinakita Niya sa kanila ang Kanyang mga sugat. At pagkatapos ay ginawa Niya ang isang bagay na napakasimple ngunit napakalakas: hiningahan Niya sila at sinabi, “Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo.”

Ang hiningang iyon ay nagbabalik sa atin sa pinakasimula ng Bibliya. Sa Henesis, hinubog ng Diyos si Adan mula sa alabok at hiningahan siya ng hininga ng buhay. Ngayon, muling humihinga si Hesus. Ito ay isang bagong paglikha. Ang mga lalaking natatakot at nagtatago sa likod ng mga nakasarang pinto ay nagsimulang mabuhay muli.

Ang Pentekostes ay ang unang malalim na hininga ng Simbahan.

Ngunit inilalarawan ni Lukas, sa Gawa ng mga Apostol, ang parehong hiwaga sa ibang paraan. Binanggit niya ang isang malakas na hangin at mga dila ng apoy. Hangin at apoy—mga larawan ng kapangyarihan, sigla o lakas, at pagkilos.

Minsan, sinubukan ng isang maliit na bata na magpalipad ng saranggola sa isang araw na tila walang hangin. Tumakbo siya nang tumakbo, ngunit ang saranggola ay tumataob at nahihila lamang sa lupa. Isang matandang lalaki sa malapit, ang ngumiti at nagsabi, “Naroon ang hangin. Kailangan mo lamang itaas nang sapat ang saranggola upang masalo ito.”

Ganyan ang Espiritu Santo. Umiihip ang hangin ng Diyos—ngunit kailangan nating itaas ang ating mga puso upang masalo ito.

Noong unang Pentekostes, puno ang Herusalem ng mga manlalakbay mula sa maraming bansa. Iba't ibang wika. Iba't ibang kultura. At bigla, ang mga simpleng mangingisdang ito

ay nagsimulang magsalita tungkol sa mga dakilang gawa ng Diyos. Narinig ng bawat isa ang mensaheng ito sa sarili nilang wika.

Hindi ito pagbabalik sa iisang wika lamang, tulad ng nangyari sa Tore ng Babel kung saan sinubukan ng mga tao na gumawa ng pangalan para sa kanilang sarili. Ang Babel ay pagkakaisang itinayo sa pamamagitan ng pagmamataas at takot. Ang Pentekostes ay pagkakaisang itinayo sa kababaang-loob at pag-ibig. Ang Espiritu Santo ay hindi nagbura ng pagkakaiba-iba. Lumikha Siya ng pagkakaunawaan. Nanatili ang pagkakaiba-iba—ngunit ngayon ay nagkaroon ng pakikiisa.

Hindi ba ito ang hinahangad ng ating mundo? Marami tayong sinasabi, ngunit kaunti lamang ang tunay nating nauunawaan. Ang mga magulang at mga anak ay nag-uusap ngunit hindi nagkakaintindihan. Ang mga bansa ay pumipirma ng mga kasunduan ngunit naghahanda pa rin para sa digmaan. Maging sa Simbahan, kung minsan ay mas madalas tayong makipagtalo kaysa makinig. Ang Espiritu Santo ang nagtatayo ng mga tulay.

Minsan, may isang parokya na may lumang organong pangsimbahan na napakasama ng tunog. May ilang tubo na sobrang lakas; ang iba naman ay walang tunog. Isang bisita ang nagsabi, “Wala nang silbi ang organong ito.” Ngunit sumagot ang isang gumagawa ng organo, “Hindi. Kailangan lamang itong itono. Mahalaga ang bawat tubo—ngunit kailangan silang tumugtog nang magkakasama.”

Maraming kaloob, sabi ni San Pablo, ngunit iisa ang Espiritu Santo. Hindi lumilikha ang Espiritu Santo ng magkakaparehong tao. Lumilikha Siya ng pagkakaisa at pagkakatugma. Ang iyong kaloob—maging ito man ay kabaitan, pagtuturo, pakikinig, pag-oorganisa, o pagpapalakas ng loob—ay ibinigay para sa kabutihan ng lahat. Kapag itinutono tayo ng Espiritu Santo, nagiging bahagi tayo ng isang magandang simponiya.

Ngunit bago ang pagkakatugma, kailangan muna ang tapang.

Pagkatapos ng kamatayan ni Hesus, ang mga alagad ay hindi lamang nalungkot; sila rin ay natakot. Ang takot ay nagsasara ng mga pinto. Alam natin ang pakiramdam na iyan. Isinasara natin ang ating mga tahanan. Pinoprotektahan natin ang ating mga damdamin. Iniiwasan natin ang mahihirap na pakikipag-usap. Ang takot ay maaaring magpanatili sa ating kaligtasan—ngunit maaari rin nitong gawing maliit ang ating mundo.

Ginagawa ng Pentekostes na bukas na mga puso ang mga nakasarang pinto.

Isipin ninyo ang kuryente sa isang bahay. Kapag nawalan ng kuryente, humihinto ang lahat. Ang pinakamagagandang kagamitan ay nagiging walang silbi. Isang gabi pagkatapos ng bagyo, tinanong ng isang maliit na bata ang kanyang ama, “Bakit po humihinto ang lahat sa paggana?” Sumagot ang ama, “Dahil umaasa ang lahat sa kuryente.”

Umaasa rin ang Simbahan sa kapangyarihan—hindi kapangyarihang pampulitika, hindi lakas ng tao, kundi kapangyarihan ng Espiritu Santo. Kung wala ang Espiritu Santo, ang

Simbahan ay nagiging isa lamang na organisasyon. Ngunit kasama ang Espiritu Santo, ang Simbahan ay nagiging buhay.

Ang mga apostol ay ang mga patunay. Bago ang Pentekostes: nagtatago sila. Pagkatapos ng Pentekostes: nangangaral na sa publiko. Bago: nalilito. Pagkatapos: malinaw at matapang. Ano ang nagbago? Nakilala nila ang muling nabuhay na Panginoon. Naranasan nila ang kapatawaran. Tinanggap nila ang isang misyon. At tinanggap nila ang Espiritu Santo.

At ang unang kaloob na dinala ng Espiritu Santo ay kapayapaan at kapatawaran. “Ang mga kasalanang inyong patatawarin ay pinapatawad.” Iyan ay ang banal na kapangyarihan. Ang kapangyarihang magpagaling ng budhi. Ang kapangyarihang magsabi sa isang sugatang puso, “Ikaw ay pinatatawad.”

Minsan, may isang lalaking nagsabi sa akin na sa isang napakadilim na yugto ng kanyang buhay, tahimik siyang nauupo tuwing umaga at nagdarasal ng tatlong salita lamang: “Halina, Espiritu Santo.” Sinabi niya na walang mga paputok, walang dramatikong damdamin. Ngunit unti-unti, may napansin siya: kaunting dagdag na pasensya, kaunting dagdag na tapang, kaunting dagdag na pag-asa. Ang Espiritu Santo ay hindi dumating na parang unos; Siya ay dumating bilang matatag na hininga.

Kung minsan, dumarating ang Espiritu Santo tulad ng apoy—makapangyarihan, nakikita, at kayang baguhin ang lahat nang sabay-sabay. Nakakita na ang kasaysayan ng mga ganitong sandali ng pagpapanibago. Ngunit madalas, tahimik na dumarating ang Espiritu Santo.

Sa isang ina na tapat na nag-aalaga sa kanyang pamilya araw-araw.
Sa isang taong pinipili ang pagpapatawad kaysa sama ng loob.

Sa isang kabataang natuklasan na ang Banal na Kasulatan ay hindi isang maalikabok na lumang aklat, kundi isang buhay na Salita na personal na nangungusap.

Kung wala ang Espiritu Santo, ang Bibliya ay maaaring maramdaman na parang karne mula sa palamigan—matigas at malamig. Ngunit ilagay mo ito sa apoy, at ito ay nagiging masustansya at kaakit-akit. Pinaiinit ng Espiritu Santo ang Salita hanggang sa ito ay maging pagkain ng kaluluwa.

Ang Pentekostes ay hindi lamang isang pangyayari sa nakaraan. Ikinukuwento sa Gawa ng mga Apostol ang ilang “munting Pentekostes.” Paulit-ulit, nanalangin ang mga mananampalataya—at dumating ang Espiritu Santo. Ang Simbahan ay laging nangangailangan ng panibagong Pentekostes. Tayo rin, bilang mga indibidwal, ay laging nangangailangan ng sariwang hininga.

Nasaan ang mga nakasarang pinto sa aking buhay?

Saan pinalamig ng takot ang aking pagmamahal?

Saan natakpan ng nakagawian ang nagbabagang apoy ng pananampalataya?

Umiihip pa rin ang hangin. Ibinibigay pa rin ang hininga. Sinasabi pa rin ni Hesus, “Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo.”

Hayaan ninyong magtapos ako sa isang huling kuwento. Sa isang silid sa ospital, minsan ay inilarawan ng isang nars ang pinaka-nakaaantig na sandali sa lahat: kapag ang isang bagong silang na sanggol ay huminga sa unang pagkakataon. May maikling katahimikan—lahat ay naghihintay—at pagkatapos ay humihinga ang bata at umiiyak. Ang hiningang iyon ay buhay. Kung wala ito, wala nang ibang mahalaga.

Ang Pentekostes ang unang sigaw ng buhay ng Simbahan.

At marahil ngayon, maaari itong maging panibagong hininga para sa iyo.

Marahil ang iyong pananampalataya ay parang mga baga sa ilalim ng abo. Marahil pakiramdam mo ay ubos na ang laman ng iyong panloob na baterya. Marahil ang takot ay nagsara ng isang pinto sa iyong puso.

Naroon pa rin ang apoy. Kailangan lamang nito ng hininga.

Kaya manalangin tayo nang may pagtitiwala:

Hilumin Mo ang aming mga sugat.
Panibaguhin Mo ang aming lakas.
Sa aming pagkatuyot, ibuhos Mo ang Iyong hamog.

Halina, Espiritu Santo.
Hipan Mo kaming muli ng Iyong hininga.
At pagningasin Mo ang aming mga puso.

Amen.

- Translated by William Valdrez, Jr., Perth Australia